

Pag-unlad ng Interes sa Filipino Gamit ang Modified Video-assisted Discussion (MVAD) sa Birtuwal na Espasyo sa Bagong Normal

Julie Ann A. Orobia¹
ORCID No. 0000-0002-8827-3120

Abstrak

Ang aksiyon riserts na ito ay may layong bumuo ng Modified Video-Assisted Discussion (MVAD) bilang tugon sa mababang interes ng mag-aaral sa Baitang 10 ng CMU Laboratory High School sa asignaturang Filipino. Inalam dito ang mga problemang kinaharap ng mga mag-aaral mula sa Posted Video-assisted Discussion (PVAD) upang matugunan ang mababang interes nito. Ginamit ang mixed method sa pangangalap ng datos sapagkat parehong inilapat ang kuwantitatibo at kuwalitatibong disenyo sa pagbibigay ng interpretasyon sa mga nalikom na numerikal at deskriptibong datos. *Convenience sampling* naman ang ginamit sa pagpili na nakabatay sa kung sino lamang ang maaring maging respondente. Sa 115 na kabuoang populasyon ng baitang 10 ay 85 lamang ang tumugon sa unang sarbey habang 79 naman sa ikalawang sarbey. Natuklasan na naging pangunahing problema ng mag-aaral ang nakababagot na *Posted Video-assisted Discussion* (PVAD) kaya hindi nila ito pinanood. Nagsilbing tugon ang MVAD sa mababang interes ng mag-aaral sa baitang 10. Naging epektibo ang MVAD dahil nakuha nito ang atensiyon ng mag-aaral, napataas ang interes sa asignaturang Filipino, at nagkaroon ng mabisang interaksyon at aktibong partisipasyon sa kasagsagan ng talakayan sa birtuwal na espasyo. Nakita sa pag-aaral na mabisa ang MVAD sa pagtaas ng interes ng mga mag-aaral. Iminungkahing ipagpatuloy ang pagtuklas ng MVAD lalo na sa iba pang antas sa sekundarya.

Mga Susing Salita: Interes, mixed method, modified video-assisted discussion, modipikadong estratehiya, posted video-assisted discussion

Tunay na isa sa karapatan ng bawat batang Pilipino ang makapag-aral at makamit ang edukasyon. Ito ay isang dagdag na mungkahing nakapokus sa Artikulo 26 ng 1948 *Universal Declaration of Human Rights* na lubusang nagpapahayag na “*Everyone has the right to education*” sapagkat ang edukasyon ay isang matibay na pananggalang na nakatutulong sa bawat indibidwal na posibleng magtakda ng kaniyang magandang kinabukasan. Kaya

sa implementasyon ng K-12 kurikulum, ang bawat bata na nasa angkop ng gulang ay dapat ng pumasok sa paaralan upang maihanda, maisabak, at mahasa sila sa pagtungtong sa unang baitang.

Kamakailan, sinubok ang kakayanan ng mga gurong bumuo at makapag-unlad ng makabagong estratehiya na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sabayan pa ng limitasyong hatid ng pandemya sa sektor ng edukasyon. Dulot ng banta ng

¹ Central Mindanao University

Corona virus, napilitan ang mga paaralan sa buong bansa na pansamantalang magsara at lumipat mula sa *on-campus face to face learning* patungo sa *distance learning* na tinatawag na “New Normal”.

Maraming balakid ang kinaharap ng mga guro sa pagbabago ng sistema ng edukasyon. Isa na rito ang usaping pagtatasa lalong-lalo na sa asignaturang Filipino sapagkat iilan o karamihan sa mga mag-aaral ay walang interes, hindi gaanong nakaiintindi at hirap sa pagbasa ng mga salita sa Filipino. Hirap din ang mga ito sa pagsasagawa ng pasulat at pabigkas na mga gawain. Ayon kay Mandado (2020), naghahanap ng angkop na pamamaraan ang mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino upang matugunan ang mga pangangailangan ng ika-21 siglong mag-aaral. Sadyang mahalaga ang pagsabay sa pag-usbong ng modernong panahon para makasabay sa indak at interes ng kabataan. Alam naman na napakabilis ng pagbabago lalo na sa impluwensiyang teknolohikal. Mataas ang interes ng kabataan lalo na sa social media na aspekto. Kailangang maging mabilis din ang guro sa pagsunod nito para maiugnay niya sa kaniyang pagtuturo.

Sa pagpasok ng bagong normal, ang paggawa ng mga *recorded* na bidyo ang siyang pinakamadaling paraan ng pagbibigay talakayan sa mga mag-aaral, madali itong magamit (access) sa panahong hirap humanap ng signal ang mga bata upang dumalo sa magkasabay (synchronous) na klase. Sa kabila nito, binigyang-diin nina Islam et al. (2020), na mahirap tingnan at kontrolin ang kaalamang nakukuha ng mga mag-aaral kapag nairekord na bidyo lamang ang ibibigay sa mga mag-aaral lalo na't may mga paksang hindi malinaw na naipaliliwanag at hindi agarang natutugunan ng guro. *“However, the major drawback can be seen when it comes to controlling and monitoring the quality of*

recorded sessions. A common observation in the online teaching setup is to show students Youtube videos as part of learning but the relevance of the video content with the concepts taught is always questionable.”


Kaugnay rito, ang mananaliksik kasama ang mga estudyanteng guro ng Mayorya sa Filipino ng Central Mindanao University ay gumawa ng isang pag-aaral na nakatuon sa kasalukuyang sitwasyon ng edukasyon at sa naging obserbasyon habang nagtuturo sa birtuwal na espasyo. Kaya, makatutulong ang ginawang aksiyon riserts upang makita ang kabisaan ng makabagong estratehiya at mga tekno-pedagohikal na kagamitan tulad ng MVAD sa pagtuturo sa birtuwal na espasyo. Kasali na rito ang pagtingin sa positibong epekto ng mga ito sa pagtaas ng lebel ng interes ng mag-aaral partikular sa asignaturang Filipino. Bukod dito, malaki rin ang maiaambag ng pag-aaral sa pagbibigay ng ideya at gabay sa mga guro upang maging makabuluhan ang paghahatid ng kaalaman. Pinaniniwalaang makatutulong ang pagtatalakay ng guro katuwang ang bidyo upang makuha ang atensiyon ng mag-aaral at magkaroon ng mabisang interaksyon sa klase kaiba sa naging epekto ng PVAD na ginamit nang walang presensiya ng guro.

Freymwork ng Pag-aaral

Batay sa Figyur 1 sa kabilang pahina, makikita ang freymwork ng pag-aaral kung saan nakapaloob sa hugis bilog ang salitang PVAD na siyang naging sentro at batayan ng aksiyon riserts na ito. Ito ay hugis bilog sapagkat nangangahulugang sa PVAD umiikot ang kabuoang pagtalakay ng pag-aaral na ito. Kinonekta ito sa tatlong hugis parihaba na napapalooban ng mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Ito ay ang sumusunod: mga problemang hinarap ng mag-aaral sa baitang 10 sa paggamit ng

Figyur 1

Freymwork ng Pag-aaral



PVAD, paglinang sa PVAD bilang tugon sa mababang interes ng mag-aaral sa baitang 10, at ang tugon ng MVAD na nagpataas sa lebel ng interes ng mag-aaral sa baitang 10.

Ang linya ay sumisimbolo sa ugnayan ng PVAD at suliranin. Ipinahiwatig nito na umusbong ang mga problemang hinarap ng mag-aaral dahil sa paggamit ng PVAD. Ang hugis parihaba naman ay sumisimbolo sa *google classroom* na naging midyum sa bagong normal ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang tatlong kahon na makikita sa ilalim ng bawat parihaba na kinonekta gamit ang linya ay kinapapalooban ng mga suliranin, suhestiyon sa suliranin at tugon sa suliranin. Ang tatlong kahon sa unang parihaba ay ang problemang hinarap ng mag-aaral: (1) kawalan ng interaksiyon, (2) hindi mabisang estratehiya, at (3) mababang interes. Habang ang tatlo pang

kahon sa pangalawang parihaba ay ang mga suhestiyon sa paglinang ng PVAD: (1) Video Assisted Discussion (VAD) kalakip ng PPT at *animation*, (2) VAD bilang *instructional materials* sa *Gmeet*, at (3) VAD kalakip ng tanong-sagot. Sa kabilang banda, ang tatlo namang kahon sa ikatlong parihaba ay ang tugon ng mag-aaral sa paggamit ng MVAD: (1) tumaas ang interaksiyon sa klase, (2) tumaas ng interes ng mag-aaral; at (3) dumami ang nanood ng VAD. Ito ay nirekord na bidyo ng guro habang tinalakay ang tiyak na paksa na nagsisilbing estratehiya ng guro sa paghatid ng leksiyon.

Buhat sa freymwork na ginawa, inaasahan na makita ang malaking gamit ng PVAD at MVAD upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa birtuwal na espasyo. Gayundin, hindi maging kabagot-bagot ang klase kahit nasa *google meet* na plataporma ng pagkatuto.

Kaugnay na Literatura

Estratehiya sa Birtuwal na Espasyo

Ang paglinang sa mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino ay naglalayon na magturo ng wikang Filipino sa kasagsagan ng pandemya. Ang mga karanasan ng mga guro ang magsisilbing instrumento na mapagtagumpayan na maibigay ang naangkop na estratehiya at gawain sa mga bata (Gloria, 2021). Napatunayan na magkakaroon lamang ng kalidad sa pagbibigay-kaalaman, makukuha ang kagustuhang makapag-aral ang mga mag-aaral sa partikular na asignatura, at isasaalang-alang ang iba't ibang klaseng kakayahan ng bawat isa, kung maisasagawa at mapagyayaman ang mga estratehiyang tunay na makatutulong sa lahat ng aspeto mapasilid-aralan man o sa makabagong klasrum — ang teknolohiya, upang maging isang epektibong guro. Ang mga ganitong uri ng paglinang sa mga estratehiya pagdating sa pagtuturo, ay magresulta ng mabilisang pagkatuto ng bawat mag-aaral pagdating sa akademiko, at higit sa lahat maiaaplay pa ito sa realidad.

Ang isang mag-aaral ay mayroong iba't ibang istandard o kahingian sa kanilang pagkatuto, na nagdudulot ng negatibo at positibong epekto sa kanila tulad ng pamamaraan ng pagtuturo at mga materyal na ginagamit sa pagtuturo. Sa gitna ng mga pasulpot-sulpot na problemang hatid ng *new normal* sa mga paaralan, patuloy pa ring kinakaharap ng mga mag-aaral ang mga epektong dulot nito sa kanilang edukasyon. Bagama't nagsusulong ng solusyon ang DepEd, hindi maipagkakaila ang kakulangan sa preparasyon o kahandaan para sa *online learning*. Ayon sa isang pahayag ni DepEd Secretary Leonor Briones noong Agosto 2021, nais nilang iwasan ang pagkawala ng interes at pagkahuli ng mga Pilipinong mag-aaral

pagdating sa edukasyon. Kaya naman ang pangunahing misyon nito ay patuloy na maibahagi ang serbisyong edukasyon para sa mga kabataan. Kung nararapat lang na bilang isang guro ay maging handa palagi sa paksa, mga kagamitan, at kanyang mga estratehiya sa pagtuturo sa kung paano nila ito maibahagi sa mag-aaral. Mahalagang maging handa palagi sa lahat ng sitwasyon lalo na kapag haharap ito sa kanilang mga estudyante. Maaaring maipasok na rin dito ang paggamit ng mga Tekno-pedagohikal na kagamitan upang mahatak ang interes ng mga estudyante sa klase.

Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino *online* higit na makatutulong kung maalam ang guro sa batayang teorya ng wika at gramatika pati na rin ang paglapat nito sa kanyang pagtuturo (Gannaban, 2020). Sa pamamagitan nito ay magiging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino modyular man o sa *online* na pamamaraan. Tuloy pa rin ang pagkatuto sa gitna ng *new normal* na sistema, tiyakin lamang na akma at mabisa ang estratehiyang gagamitin upang magiging makabuluhan ang pagtuturo *online*. Isaalang-alang din ang gagamiting kagamitang panturo na maging epektibo at angkop sa kahingian ng mga mag-aaral sa tulong ng paggamit ng iba't ibang aplikasyon bilang kaagapay sa pagtatalakay at sa mga gawain sa loob ng klase upang mahikayat ang mga estudyante.

Ayon sa isang artikulong binahagi ng ABS-CBN, ang guro at ang mag-aaral ay kasalukuyang humaharap sa hamon ng pagtuturo at pagkatuto dahil sa *distance learning* na ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon. Isa sa mga *delivery mode* ng pag-aaral ay ang *distance learning*, paliwanag ni San Antonio, kung saan hindi pisikal na magkasama o magkaharap ang guro at estudyante. Sa ilalim nito, maaaring matuto ang mga bata sa pamamagitan ng *online platform, printed module* na ibibigay

ng paaralan, at *lesson* na mapapanood sa telebisyon o mapakinggan sa radyo. Dahil sa pagpapatupad nito, malaking palaisipan kung paano mapahusay at magiging epektibo na malalaman at masusukat ng mga guro ang kakayahang matuto ng mga mag-aaral sa panibagong klasrum ang teknolohiya.

Isinaad sa *Video-Assisted Discussion* ay naging mahalagang bahagi ng mas mataas na edukasyon, na nagbibigay ng mahalagang kasangkapan sa pagpapadala ng kaalaman sa *online class* (Mendoza et al., 2015). Ang konsepto ng teknolohiya ay humantong sa pagiging *sound card*, *compact disk*, paggamit ng *digital camera*, at bidyo bilang pang-edukasyong kagamitan. Iniisip ng awtor na ang *multimedia* ay isa sa mga pinakamahusay na paraan dahil ito ay tumatalakay ng higit sa isang aspeto nang sabay-sabay, habang ito ay tumatalakay sa limang pandama. Nagsisimula pa lamang ang paggamit ng bidyo para matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa ngayon at bukas. Ang paggamit ng bidyo sa pagtuturo ay hindi na bago. Iminungkahi na ang bidyo ay epektibo kapag ginamit para magkaroon ng kaalaman sa impormasyon, gamit ang isang sarbey sa mga estudyante para masukat ang bisa ng mga bidyo na lektyur, materyales para mapalakas ang mga mag-aaral ng pagkamalikhain at kooperasyon. Ang paggamit ng bidyo ay makakatulong na mahikayat ang mga estudyante at makalikha ng kakaibang konteksto para sa kanilang karanasan sa pagkatuto.

Ayon sa artikulo ni Lari (2014) na naging makabuluhan ang mga naisagawang modernong paraan ng pagtuturo. Ito ay nakapagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkatuto kaysa sa mga tradisyunal na paraan. Ang pag-unlad ng paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay mas mabuti dahil mas malinaw ang mga detalye ng

mga itinuturo sa mag-aaral. Ang mga guro rin ay naniwalang mas kaakit-akit ang mga *powerpoint presentation* at mas nakukuha nito ang atensyon ng mga mag-aaral (Ozaslan at Maden, 2013). Ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay mas nakapagbibigay ng interes sa mga mag-aaral at dinadagdagan nito ang kanilang motibasyon upang makinig sa klase. Ang pagkatuto ay naging mas masaya at interesante sa tulong ng teknolohiya sapagkat binibigay nito ang kontrol sa kamay ng mga mag-aaral (Wartinbee, 2009). Ayon sa DepEd Information, Communications and Technology Service Director Yuvienco, nasa 26% lamang ang bilang ng mga pampublikong paaralan ang may *internet connection*. Sa kalagayan at laman na kahirapan, mahihirapan ang mga pampublikong paaralan sa pagpapatuloy ng klase lalo na ika-83 lamang ang Pilipinas sa loob ng 183 na bansa pagdating sa kahandaan para sa *online learning* ayon sa Department of Science and Technology (DOST). Kaya naman kailangan din talagang bigyang pansin ang suliraning ito upang maibsan ang paghihirap ng mga mag-aaral at maging aktibo palagi sa talakayan. Bilang isang guro ay dapat din itong isaalang-alang na gumawa at mag-isip ng mga solusyon ukol rito para sa mabisang pagkatuto ng mga bata.

Isinaad ng isang website na *free conference.com* patungkol sa kahalagahan ng *video conferencing* sa Edukasyon na ang mga nag-aaral na nasa mas malayong lokasyon sa kanayunan na may kakulangan ng mga imprastruktura at mapagkukunan ay maaaring makinabang nang malaki mula sa isang edukasyon na may isang matatag na sangkap ng kumperensya sa bidyo. Ang isang pang-edukasyon na solusyon na kasama ng pagtuon sa *digital* na pag-aaral ay maaaring isama ang mga nairekord na bidyo at *live streaming* ng mga lektura. Ang

teknolohiya ng kumperensya sa bidyo ay nakapagdadala ng mga nag-aaral mula sa lahat ng sulok ng mundo sa iisang espasyo. Bilang isang resulta, ang mga taong may iba't ibang mga opinyon, karanasan, paniniwala, at pagpapalaki ay dumaragdag sa kayamanan ng pag-aaral. Nangyayari ang interaksyon at pagbabahagi ng kultura sa loob ng ibinibigay na *video discussion*. Kaugnay nito, binubuksan nito ang pag-uusap at pinapalakas ang mga kapaligiran sa pag-aaral sa *online* na kalaunan ay naging *incubator* para sa mga ideya na siyang mas magpapalawak sa espasyo.

Tekno-pedagohikal Tugon sa Pagpapaunlad sa Kalidad ng Edukasyon

Ipinahayag ng mga manunulat sa kanilang artikulo na pinamagatang "*Applying integrated video assisted learning approaches for medical clerkship –potential adaptations in the post-COVID-19 era,*" na ang *video-assisted discussion* ay sumisimbolo bilang "*teaching aid in teaching*" ay isang kakayahan na magturo sa mga mag-aaral kahit wala ang guro mismo, naging instrumento rin ito sa mga guro para hindi sila mahirapan sa pagtalakay ng kanilang paksa, maaari nila itong gamitin sa iba pang seksiyon. Sinabi naman ni Rienking (2015) na sa tamang paggamit ng bidyo, ang mga mag-aaral ay maaaring kumonekta sa mundo at magbahagi ng mga ideya sa iba. Ipinakilala ng mga dalubhasa sa teknolohiyang pang-edukasyon na habang ipinapatupad ang kompyuter bilang isang materyal sa pagtuturo, nangangailangan ng oras ang mga guro na paglaanan ang paggawa ng bidyo diskusyon. Dapat may karanasan at kasanayan ang mga ito upang maganda ang awtput sa paglikha ng bidyo. Kinakailangan din na maging malikhain sa kagamitang panturo upang hindi mawalan ng interes sa panonood ang mga estudyante.

Ayon naman nina Sandholtz et al.

(2013), "ang paniniwala na ang paggawa ng bidyo ay dapat ipatupad sa silid-aralan bilang isang materyal sa pagtuturo." Naging bihasa sa paggamit nito at nadaragdagan ang mga kaalaman ng mag-aaral dahil maaari nila itong panoorin ng paulit-ulit. Ayon naman kina Willmott et al. (2013), higit na nakatutulong ang paggamit, paggawa ng bidyo at *powerpoint* sa klase ng pag-uulat upang mas maunawaan ng mga estudyante ang mga aralin na tinatalakay ng kanilang guro. Naging malaking tulong ito sa mga guro para mas madali nilang maitalakay ang nais nilang ipaliwanag sa klase. "Sa paglipas ng mga taon natutunan namin na ang mga bidyong diskusyon bilang materyal sa pagtuturo ay hindi sapat" (David, 2015), lalo na ngayong *online learning* na hindi harap-harapan ang pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral, kung saan pinapabayaan ng estudyante ang panonood ng bidyo diskusyon sa kanilang *Google Classroom*. Kung ang mga guro ay kinakailangang mag-isip ng paraan upang mapaunlad ang nasabing estratehiya upang maging posible ang pagkatuto na siyang tutugon sa sariling pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Sa paggalugad nina Hsin at Cigas (2013) ang kanilang pag-aaral ay pumapaksa sa "*Effective Educational Videos: Principles and Guidelines for Maximizing Student Learning from Video Content*" na ang paggamit ng mga bidyo ay makatutulong upang makuha ang kawilihan ng mga mag-aaral. Isa ring paraan upang maengganyo ang mag-aaral ay ang paggamit at paglahad ng mga nakaaaliw na bidyo. Ang paglalahad ng mga ganitong uri ng kagamitang panturo ay daan upang madagdagan o magkaroon ng positibong kalooban at palagay ang bawat mag-aaral tungo sa epektibong pagkatuto ng mga ito (Steffes & Duverger, 2012).

Ayon kina Greenberg (2007) na ang mga *video based* kabilang sa mga materyal sa pagtuturo ay nakatutulong sa mag-

aaral upang mas mapataas ang kanilang kawilihan at kooperasyon sa mga talakayan. Ang panonood nila sa materyal na ito ay nakapagbibigay ng mga karunungan ay nakabubuo sila ng mga hinuha ayon sa kanilang nararanasan. Sa paggamit ng mga *pre-recorded* na bidyo na *nai-upload* bilang isa ring mag-iimpluwensya sa mag-aaral sa pagkatuto gamit ang *internet* ay maaaring mapunan ng mga guro ang kanilang pagkukulang sa harap-harapang talakayan at makatutulong rin ito upang mahasa at mapaunlad ng mag-aaral ang kanilang direkta at pansariling pagkatuto o *self-directed learning*.

Sa isinulat ni Ruiji (2012), ito ay nagtatalakay sa totoong paggamit at pagpili ng mga naaayon na kagamitang panturo at metodo sa pag-organisa at pagtalakay sa mga mahahalagang paksa sa isang talakayan ay nakadaragdag sa epektibong pagkatuto ng mag-aaral. Ang kombinasyon ng bidyo at teksto ay may halaga. Ang pagpapakita lang ng purong aksyon at diyalogo ay mas epektibo kapag nakikita ng mga mag-aaral ang mga salita sa paksang tinalakay. Ito rin ang magiging midyum ng mga mag-aaral sa pakikipagtulungan at matutukoy ang kapakinabangan nito sa epektibong pagtuturo ng mga guro at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung ang paglalapat ng *PowerPoint Presentation* sa bawat bidyo ay lubhang napakahalaga, sapagkat hinahayaan nitong makita ang tekstuwal na pagpapahayag na talagang mas makatutulong lalo na sa mga *visual learners* na mag-aaral.

Sa kabilang banda, sa aspekto ng pagbasa isang espasyo rito na ang pagbabasa ay isang importanteng kasanayan sa buhay. Ayon sa artikulong sinulat ni Nixon na nakatatalas ng pag-iisip, napa-uunlad ang bokabularyo at nakatutulong upang maging malikhain ang isang walang espasyo. Malaking hamon sa mga guro ang

mahikayat ang mga mag-aaral na magbasa ng mga akdang katulad ng mga alamat, pabula, tula, nobela at ilang mga panitikan na tiyak na kapupulutan ng gintong aral. Kalaban sa atensiyon nila ay ang paggamit ng internet. Ang mga estudyante ngayon ay babad na, ni hindi na nga sila halos makabasa ng libro dahil ang katwiran nila ay may internet na. Nakaasa na sila sa mga *website* na sa tingin nila ay makatutulong sa kanila (de Valle & Duffy, 2009). Maraming paraan upang maging kapana-panabik ang pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral ngayong *online*. May ilang kagamitang maaaring magamit upang ang pagtuturo ay makaakit sa mga mag-aaral upang magbasa. Ang mga sumusunod ay maaaring gamitin sa pagprepresenta ng akdang babasahin: 1. *PowerPoint Presentation* 2. *Nearpod Presentation* 3. *Canva* 4. *YouTube*. Ang panitikang Filipino ay bahagi ng isang espasyo na dapat pagyamanin at isalin sa mga susunod na henerasyon. Huwag hayaan na tuluyang mawala ang ilang panitikan na bahagi na ng kasaysayan. Ang mga guro ay dapat maging handa sa mga pagbabagong biglaang nangyayari.

Kung ang guro ay hindi handa, maaaring hindi niya magampanan ang isang espasyo ng isang guro. Ang guro ay dapat laging handa sa kanyang pagtuturo upang makita ang ganap at epektibong relasyon ng pagtuturo at pagkatuto. Kung ang guro ay hindi handa, hindi niya magagampanan ang responsibilidad ng pagiging guro (Gurney, 2020).

Metodolohiya

Gumamit ng metodolohiyang *mixed method* sapagkat parehong inilapat ang kuwantitatibo at kuwalitatibong disenyo sa pagbibigay interpretasyon sa mga nalikom na numerikal at deskriptibong datos. *Descriptive survey research design* naman para sa pag-aanalisa sa mga deskriptibong

impormasyon. Pinaniniwalaang angkop ang paggamit ng disenyong ito upang epektibong makuha at masuri ang mga datos na kinakailangan para sa buong aksiyon riserts.

Napili bilang respondente ang Baitang 10 ng Central Mindanao University Laboratory High School na kumuha ng asignaturang Filipino 10 noong Enero patungong Mayo 2022 dahil isang gurong-tagagabay ang nakaatas na humawak sa baitang na ito. Mula sa grupo ng mag-aaral na ito, ginamit ang *convenience sampling*. Nakatuon ito sa pangongolekta ng datos sa mga respondenteng libre at may kakayahang sumagot sa sarbey. Sa pananaliksik na ito, nakabatay sa libreng panahon at kakayahang tumugon ng mag-aaral sa baitang 10 ang pangongolekta ng datos at walang pilitang naganap. Binubuo ito ng tatlong seksiyon sa baitang 10: Venus, Mercury at Jupiter. Sa 115 na kabuoang populasyon ng Baitang 10 ay 85 lamang sa kanila ang tumugon sa unang isinagawang sarbey habang 79 lamang ang tumugon sa ikalawang sarbey. Mayroong anim (6) na mag-aaral ang tumugon sa unang sarbey na hindi tumugon sa ikalawang sarbey.

Mula rito, tinukoy ang problemang nais bigyang-solusyon at bumuo ng “*Modified Video-Assisted Discussion*” (MVAD) na siyang tugon sa kawalan ng interes ng mag-aaral sa asignaturang Filipino. Nagmula ito sa ideya ng naunang ipinaskil na *Posted Video-Assisted Discussion* (PVAD). Ang PVAD ang kagamitang panturo na purong pagtatalakay ang ginawa. Ito ay isang gamit panturo na ipinaskil lamang sa *Google Classroom* at walang nangyayaring interaksyon ang mag-aaral at guro. Sa kabilang dako, sa MVAD, nagkaroon ng tangan-tanggap responsibilidad ang guro na gabayan ang mga mag-aaral sa pagkatuto tungo sa kalinangan ng kanilang kakayahan (Saberola, 2018). Ibig sabihin, sa

pamamagitan ng paglapat ng interaktibong pamamaraan kagaya na lamang ng *PowerPoint Presentations* at tanong-sagot, nagkaroon ng interaksyon ang mag-aaral sa MVAD na siyang ginamit sa talakayan.

Konsiderasyong Etikal

Pinakamahalagang aspekto ng pananaliksik ang may kinalaman sa etikal na pagsasaalang-alang. Ginamit ang sampung punto nina Bryman at Bell (2007) na mga prinsipyo kaugnay sa etikal na konsiderasyon. Nagkaroon ng malawakang talakayan sa mga bahagi tulad ng pagsagot ng mga tanong sa *Google form* dahil sa batas na Data Privacy ng mga kasangkot sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng pagsangguni at pagpaaproba ng liham sa Punongguro at mismong guro sa Baitang 10 ay ginawa ng mananaliksik. Hinintay ang tugon ng guro sapagkat pinulong muna ito bago isinagawa ang pagkuha ng datos

Paraan ng Pangangalap ng Datos at Analisis

Nagpaskil ng PVAD sa *Google Classroom* ng Baitang 10. Naging basehan ito sa paglikom ng datos na kakailanganin. Para sa Modyul 1, nakapaloob sa bidyo ang *Kasaysayan ng El Filibusterismo*, *Kabanata 1: Sa Ibabaw ng Kubyerta*, *Kabanata 2: Sa Ilalim ng Kubyerta* at *Kabanata 3: Alamat ng Ilog Pasig*. Gumawa rin ng ebalwasyon sa pamamagitan ng *Google form* upang malaman kung epektibo ba ang PVAD.

Ginamit ang *online* sarbey bilang instrumento sa pagkalap ng datos mula sa mga mag-aaral ng Baitang 10. Napili ito ng mananaliksik sapagkat angkop ang pamamaraang ito sa pagkalap ng impormasyon sa panahon ng *new normal* kung kailan hindi personal at harapang nakakuha ng datos mula sa mga respondente.

Nang makuha ang resulta, nakita ng

mananaliksik na hindi epektibong gamitin ang PVAD sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagpasya ang mananaliksik na bumuo ng isang modipikadong estratehiya mula rito upang tugunan ang pangangailangan ng mag-aaral sa *online* na espasyo ng pagtuturo at pagkatuto. Ginawa at ginamit sa klase ang nabuong MVAD. Nakapaloob pa rin sa binuong MVAD ang mga kabanatang unang nabanggit sa itaas. Pagkatapos itong gamitin sa klase, nagbigay ulit ng pangalawang sarbey bilang ebalwasyon upang matukoy kung epektibo ba ang aksiyong ginawa na makalutas sa suliranin.

Sa pag-aanalisa ng datos, masusing nilikom ng mananaliksik ang mga tugon ng mag-aaral ng Baitang 10 sa sarbey na ibinahagi sa pamamagitan ng *Google form*. Ginamitan ng deskriptibong paraan ng pag-aanalisa ang unang sarbey na nakatuon sa PVAD sa *Google Classroom*. Itinala ang mga tugon ng mag-aaral sa sarbey at ginawan ng deskriptibong analisis. Pagkatapos nakita ang problema kung bakit hindi pinanood ng mag-aaral ang bidyo at nabuo ang ideya na magkaroon ng pananaliksik sa estratehiya para masolusyonan ang mababang interes ng mag-aaral.

Sa kabilang banda naman, ginamitan ng estatistika sa pamamagitan ng *Likert scale* ang pangalawang sarbey na nakatuon sa ebalwasyon sa bisa ng MVAD. Kinuha ang *mean* ng bawat aytem mula sa sarbey at tinukoy ang *range* na kinabibilangan nito upang malaman kung epektibo ba o hindi ang paggamit ng MVAD sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino.

Mga Resulta at Pagtatalakay

Unang ginawa ng mga mananaliksik ay ipinaskil ang PVAD sa *Google Classroom*. Mapapansing karamihan sa mag-aaral ay sumagot ng “*hindi*” na umabot sa limampu’t apat (54) habang ang nagsabing napanood

nila ang bidyo ay nasa tatlumpu (30) lamang. Sa kabilang banda, isang mag-aaral ang hindi nakapaglahad ng sagot. Batay sa datos na ito, makikitang hindi umabot sa kalahati ng mga respondenteng nakapanood ng bidyo. Indikasyon ito na iilan lamang ang naglaan ng oras na panoorin ang PVAD at karamihan sa mga mag-aaral ay nagpakita ng mababang interes para rito.


Ang paggawa ng PVAD bilang isang kagamitang panturo ay epektibo subalit hindi maikakaila na malaki ang kaibahan nito kung may aktuwal na pagtuturo. May mag-aaral na gustong manood ng PVAD sa dahilang maaari pa nila itong balik-balikang panoorin upang matuto nang husto. Sa ginawang pag-aaral nina Ying Xiu and Penny (2020), para sa mag-aaral ang pagbibigay ng PVAD ay isang abala at salungat sa positibong epekto sa *online* na klase. Hindi mababahagi ng mag-aaral ang kanilang ideya ukol sa paksang tinalakay. Nagpapakita ito ng malaking kaibahan sa aktuwal na talakayan. Isang abala ito sa mag-aaral dahil sila ang maghahanap pa ng paraan upang ito ay mapanood. Hindi rin makukuntento ang mag-aaral na matuto kung walang interaksyon, ugnayan at direktang pagtatalakay ng isang guro.

Ilan sa mga negatibong dulot ng paggamit ng bidyo bilang kagamitang panturo ay ang madalas na pagwawalang bahala at hindi pagbibigay ng importansya ng mga mag-aaral. Nangyayari ito sa dahilang nahihirapan silang intindihin at unawain ang nilalaman ng VAD na ipinaskil dahil walang gabay at pagtatalakay ng guro. Nagreresulta ito ng kakulangan ng kaalaman at maliit na marka dahil na rin sa hindi ito binigyang pansin at mababa ang lebel ng interes ng mag-aaral.

Ang Figyur 2 na makikita sa ibaba ay ang resulta mula sa mga nakalap na datos hinggil sa mga problemang kaakibat sa paggamit ng PVAD.

Figyur 2

Mga Problemanag Kaakibat sa Paggamit ng PVAD



Ipinahahayag sa figyur 2 ang mga problemang kinakaharap ng mag-aaral sa paggamit ng PVAD na nakapaskil sa *Google Classroom*. Makikitang mula sa limampu't apat (54) na sumagot ng hindi sa Figyur 2, labindalawa (12) ang nagsasabing hindi nila pinanood ang bidyo sa dahilang ito ay nakababagot. Ayon sa isang pag-aaral na kailangang isaalang-alang sa paggawa ng PVAD ang pagpapakita ng tamang emosyon na siyang makakatulong upang ma hatak ang interes ng mga mag-aaral ayon kay Crews (2022). Ang tono ng boses ng guro at kaniyang pustura ay iilan lamang sa mga kailangang bigyang pansin ng guro sa kaniyang mga naipaskil na talakayan. Sa pagbibigay ng mga demonstrasyon at mga grapikal na mga kagamitan sa pagtuturo malaking salik na dapat bigyang pansin ng isang guro ang mga nasabing punto ni Cruse upang hindi mabagot ang mga mag-aaral sa klase.

Samantala, siyam (9) ang sumagot ng hindi interesado, sapagkat hindi nila nakikita ang importansiya ng asignaturang Filipino at ng mismong PVAD, habang pito (7) naman ang nagpahayag na mahirap intindihin ang mga salitang ginamit at masyadong mahaba ang bidyo

para sa kanila. Hamon sa mag-aaral na intindihin ang paksa na nasa PVAD nang walang direktang gabay ng guro kaya't nakapagbigay ito ng malaking problema sa kanila lalo na't hindi maalam ang mga mag-aaral sa wikang Filipino. Dinagdagan pa ito ng mahabang oras ng talakayan sa paskil na bidyo na mas nagtulak upang mawala ang kanilang interes sa panonood ng PVAD.

Ayon sa pag-aaral, "*a teacher needs to use caution as videos can give a limited world view to a topic that is quite vast*" [sic]. Isa sa mga nakitang dahilan ng mga mag-aaral kung bakit mas gusto nilang gamitin ang bidyo bilang bahagi ng talakayan sa *Google Meet* ay ang mga punto or ideya na hindi nila maunawaan sa PVAD at kailangan nila ng tulong o gabay ng guro para rito. Kadalasan kasing pahapyaw lamang ang makikita sa PVAD at nanggaling ang lahat ng ideya sa bibig ng guro, hindi nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral ng maglahad ng pananaw. Sa kabilang banda, dalawang (2) mag-aaral naman ang hindi nagbigay ng rason kung bakit hindi nila pinanood ang PVAD.


Dito mahihinuhang malaking tulong ang interaksyon na nagaganap sa *Google Meet* na daluyan ng pagkatuto sapagkat mas

ramdam ang presensiya ng guro sa klase. Dito nabibigyang-pansin ang mga tanong ng mga mag-aaral sa mga bahaging malabo ang naging pagpapaliwanag sa PVAD. Isa (1) naman ang mas gustong magbasa na lamang sa modyul. Nakitaan naman ang tugong ito ng sariling estilo ng pagkatuto maaring mas epektibo para sa sumagot na mag-aaral.

Makikita sa Figyur 3 ang resulta mula sa mga nakalap na datos hinggil sa bisa ng *Posted Video-Assisted Discussion*.

Figyur 3

Bisa ng posted VAD



Makikita sa Figyur 5 ang bilang ng mag-aaral na tumugon kung mabisa ang PVAD sa pagbibigay ng kaalaman. Mula sa walumpu't limang (85) mag-aaral, animnapu't anim (66) ang nagsabing hindi ito mabisa habang labindalawa (12) ang naghayag ng kabaliktaran. Sa kabilang banda, lima (5) naman ang hindi nagbigay ng sagot at dalawa (2) ang hindi sigurado kung mabisa ang PVAD.

Mula sa mga tugon ng mag-aaral sa sarbey, umusbong ang ilang suhestiyon kung paano mapagtitibay ang paggamit ng bidyo sa klase. Nabanggit ang paggamit sa bidyo sa pagtalakay sa *Google Meet* at mas gusto ng mag-aaral na makita ang presensiya ng guro upang magkaroon ng aktibong interaksyon sa klase. Pinaniniwalaang mas mainam ito kaysa sa ipaskil lamang sa *Google Classroom* ang kaalamang pangnilalaman na ibabahagi sa mag-aaral. Ito ay dahil ang guro ay may

tungkulin sa pagtugon sa pangangailangan ng mag-aaral at mas nagagawa niya ito sa loob ng klasrum, personal man o birtuwal.

Gamit ang impormasyong ito, nagkaroon ng ideya ang mga mananaliksik na paunlarin at i-modipika ang ginamit na PVAD upang mas makapagbigay ng makabuluhang pagkatuto sa mag-aaral at mapataas ang kanilang interes sa asignaturang Filipino. Sa dami ng bilang ng mag-aaral na nagsasad na hindi lubos na isang espasyo ang panonood ng ipinaskil na bidyo sa *Google Classroom*, napatunayan lamang na kailangang matugunan ito sa pamamagitan ng paggamit ng bidyo sa aktuwal na klase sa *Google Meet* sa halip na indibiduwal itong panoorin.

Kunggayon, ang nabuong modipikadong estratehiya ay ang MVAD. Nakaangkla ito sa paggamit ng naunang ginawang PVAD na ipinaskil sa *Google Classroom*. Ang kaibahan lamang ay sa halip na hayaan ang mga mag-aaral na indibiduwal na manood sa bidyo ay gagamitin ito sa klase ng guro habang aktuwal na tatalakayin ang paksa. Nakapaloob sa MVAD ang *Powerpoint Presentation* at mga tanong-sagot na may panuto kung paano tutugon ang mag-aaral. Sa ganitong paraan ay nasisigurong napanood, naunawaan, napukaw ang interes at nagkaroon ng aktibong partisipasyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Mahihinuha mula rito na mahalaga pa rin ang tungkuling ginagampanan ng isang guro sa paglalahad ng kaalaman kaysa iasa ang lahat sa PVAD na maituturing na pasibo.

Interpretasyon sa Kuwalitatibong Datos

Makikita sa kabilang bahagi ang numerikal na datos at interpretasyon ng pananaliksik na ito na nakatuon kung paano nakuha ang *mean at range* para matukoy ang kabisaan ng MVAD. Sa pagkuha ng *mean* ay idinagdag ang lahat ng sagot ng mga

respondente sa bawat katanungan at tinukoy ang kinabibilangang *range* nito upang malaman kung epektibo ang ginawang MVAD.

Makikita sa talahanayan sa kabilang bahagi ang resulta mula sa mga nakalap na datos hinggil sa bisa ng paggamit ng *PowerPoint Presentation* na may kalakip na larawan at *animation* kasama ang *video-assisted discussion*.

Talahanayan 1

Nakatutulong ang Paggamit ng PowerPoint na may Kalakip na Larawan at Animation Kasama ang VAD

Aytem	Marka	F	P	M
1. Nakatutulong ang paggamit ng PowerPoint na may kalakip na larawan at animation kasama ang video-assisted discussion.	1	2	2.5%	4.4
	2	0	0%	
	3	3	3.8%	
	4	30	38%	
	5	44	55.7%	

Makikita sa Talahanayan 1 na epektibo ang paggamit ng MVAD kapag ginagamit ito sa *Google Meet* ng guro bilang kagamitang panturo kasama ang *Power Point Presentation* na may kalakip na larawan at *animation*. Batay sa mga nakalap na datos, apatnapu't apat (44) ng mga respondente ang tumugon na napaka-epektibo ng paggamit nito. Ito'y nasa porsiyentong 55.7%. Sa pamamagitan ng paglakip nito ay nakuha ang interes ng mga mag-aaral na manuod at makinig, lalo't mas nae-engganyo sila sa mga biswal na larawan na masining na inilahad. Tatlumpu (30) naman o 38% ang nagsabing epektibo ang ganitong paraan ng pagsasagawa ng klase *online*. Mayroon namang tatlong (3) mag-aaral ang nagpahayag na hindi gaanong epektibo ang ganitong paraan. Sa kabuuan, ang aytem 1 ay may kabuoang *mean* na 4.4 na may katumbas na *napaka-epektibo* batay sa *Likert scale*.

Makikita sa Talahanayan 2 hinggil sa

kabisaan ng VAD kapag ginagamit bilang *instructional material* sa *Google Meet*.

Talahanayan 2

Mas Natututo Ako sa VAD Kapag Ginagamit Ito Bilang Instructional Materials sa Pagtatalakay ng Guro sa Gmeet

Aytem	Marka	F	P	M
2. Mas natututo ako sa video-assisted discussion kapag ginagamit ito bilang instructional materials sa pagtatalakay ng guro sa gmeet.	1	2	2.5%	4.35
	2	1	1.3%	
	3	4	5.1%	
	4	32	40.5%	
	5	40	50.6%	

Makikita sa Talahanayan 2 ang kabisaan ng MVAD kapag ginagamit ito bilang *instructional material* sa pagtatalakay ng guro sa *Google Meet*. Mapapansing may apat-napung (40) mag-aaral ang tumugon na napaka-epektibo ang paggamit ng PVAD bilang *instructional material* na ginamit ng guro pagtatalakay sa *Google Meet*, kung saan ay napapanood na ang paksang tatalakayin katuwang ang pagtalakay ng guro sa halip na magbabasa pa sila ng kanilang mga modyul. Mayroong tatlumpu't dalawang (32) respondente naman ang tumugon na ito ay epektibo.

Sa kabilang banda naman, mayroong apat (4) na mag-aaral ang nagsabing medyo epektibo lamang ang ganoong paraan at mayroong isang (1) mag-aaral ang tumugong hindi ito gaano ka epektibo para sa kaniyang sarili. Mayroon namang dalawang (2) nagsabing hindi ito epektibo. May kabooang *mean* itong 4.35 na may katumbas na *napaka-epektibo* na makikita sa *Likert scale*.

Makikita sa susunod na pahina ang Talahanayan 3 ang resulta mula sa mga

nakalap na datos hinggil sa “Mas nahihikayat akong manood ng VAD na ipinaskil sa *Google Classroom* kapag ginagamit ito sa tanong-sagot sa *Google Meet*.

Talahanayan 3

Mas Nahihikayat Akong Manood ng VAD na Ipinaskil sa Google Classroom Kapag Ginagamit Ito sa Tanong-sagot sa Gmeet

Aytem	Marka	F	P	M
3. <i>Mas nahihikayat akong manood ng video-assisted discussion na ipinaskil sa google classroom kapag ginagamit ito sa tanong-sagot sa gmeet.</i>	1	1	1.3%	4.32
	2	1	1.3%	
	3	4	5.1%	
	4	38	48.1%	
	5	35	44.3%	

Ipinahahayag ng Talahanayan 3 na ang VAD na ipinaskil sa *Google Classroom* ay mas nakahihikayat panoorin para sa mag-aaral kapag ginamit ito bilang pangunahing kagamitang panturo at lalapatan ng tanong-sagot sa *Google Meet*.

Batay sa naging resulta ng nakalap na datos, makikita na may *mean* itong 4.32. Nakita ng mag-aaral na epektibo ang pagkakaroon ng tanong sagot sa *Google Meet* sapagkat tatlumpu't walo (38) sa mga mag-aaral ang nagkaroon ng positibong tugon. Nangangahulugan lamang ito na mabisa ang pag-modipika ng *video assisted discussion* upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral at mawili silang ibahagi ang kanilang naunawaan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tanong-sagot na nangyayari mismo sa *Google Meet*. Kung inisyal na nilang napanood ang PVAD na ipinaskil sa *Google Classroom* at inilapat pa ang MVAD sa klase, mas nagkaroon sila ng pagkakataong mas maunawaan ang nilalaman ng bidyo at makipag-ugnayan sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungang inilakip.

Sa kabilang banda, mayroong tatlumpu't lima (35) na mga mag-aaral ang nagsabing itoy napaka-epektibo na paraan sa

pagsasagawa ng klase online. Mas gusto nila ito kaysa sa panonood nang mag-isa sa bidyo na ipinaskil sa *Google Classroom* kung saan walang interaksyon na naganap at *pasibo* lamang ang pagkatuto. Mayroon ding apat (4) na mag-aaral ang sumagot ng medyo epektibo lamang ang paggamit sa bidyo na may kalakip na tanong-sagot at mayroong tig-iisang mag-aaral ang sumagot ng hindi gaanong epektibo at hindi ito epektibo.

Makikita sa Talahanayan 4 sa ibaba ang mga nakalap na datos hinggil sa resulta ng paggamit ng VAD kapag nilalagyan ng mga tanong at ipanonood ito sa *Gmeet* kung saan ilalagay sa *incall messages* ang mga sagot.

Talahanayan 4

Mas Tumataas ang Interes Ko sa VAD kapag Nilalagyan ng mga Tanong at Ipanonood Ito sa Gmeet Kung Saan Ilalagay sa Incall Messages ang mga Sagot

Aytem	Marka	F	P	M
4. <i>Mas tumataas ang interes ko sa video-assisted discussion kapag nilalagyan ng mga tanong at ipanonood ito sa gmeet kung saan ilalagay sa incall messages ang mga sagot.</i>	1	1	1.3%	4.43
	2	1	1.3%	
	3	5	6.3%	
	4	28	35.4%	
	5	44	55.7%	

Makikita sa Talahanayan 4 ang resulta ng bisa ng MVAD kapag pinapanood ito sa *Google Meet* at nilalagyan ng mga tanong na sasagutin ng mga mag-aaral sa *in-call messages*. Mayroong apatnapu't apat (44) na mag-aaral na nagsabing napaka-epektibo ang paraang ito na sumasakop ng 55.7%. Habang 35.4% naman ang naniniwala na epektibo ito na may aktuwal na bilang na dalawampu't walo (28). Limang (5) mag-aaral naman ang nagsabing ito'y medyo epektibo na may porsiyentong 6.3.

Sa kabilang banda naman, tig-iisang mag-aaral ang nagsasabing hindi gaanong epektibo at hindi talaga epektibo ang

paggamit ng bidyo sa ganitong paraan na pawang may 1.3% sa kabuoan, ang aytem 4 ay may nabuong *mean* na 4.43 na may katumbas na *napaka-epektibo* batay sa *Likert Scale*.

Sa bahaging ito ng Talahanayan 5, makikita ang bilang ng mag-aaral na tumugon kung sa “epektibo ang paggamit ng MVAD dahil sa kawalan ng signal.”

Talahanayan 5

Ang MVAD ay Hindi Epektibo Dahil sa Kawalan Minsan ng Signal

Aytem	Marka	F	P	M
5. <i>Ang modified video assisted discussion ay hindi epektibo dahil sa kawalan minsan ng signal.</i>	1	2	2.5%	4.16
	2	2	2.5%	
	3	8	10.1%	
	4	36	45.6%	
	5	31	39.2%	

Batay sa talahanayan sa itaas makikita na nangunguna sa hanay ang tugong epektibo. Tatlumpu’t anim (36) o 45.6% ng mga respondente ang nagsabi na epektibo ang paggamit ng bidyo sa kabila ng hamon sa paghanap ng malakas na signal. Tatlumpu’t isa (31) naman o 39.2% ng kabuuang populasyon ang nagsabi na napaka-epektibo ito. Walo (8) o 10.1% ang nagsabi na medyo epektibo at nasa tig-dadalawang (2) tao lamang o 2.5% ang nagsabi na hindi gaanong epektibo at hindi epektibo. Base sa pinakitang talahanayan, masasabi natin na epektibo ang paggamit ng PVAD na talakayan ngunit hindi natin maikakaila na upang lubos na maging epektibo ang pamamaraan ay kailangan ng malakas na *internet*.

Makikita sa susunod na pahina ang bilang ng mag-aaral sa Baitang 10 ang sumagot na epektibo ang paggamit ng *mentimeter*, *wheel of names* at *quizzes* sa MVAD.

Takahanayan 6

Epektibo ang Paggamit ng Mentimeter, Wheel of Names at Quizzes sa MVAD

Aytem	Marka	F	P	M
6. <i>Epektibo ang paggamit ng mentimeter, wheel of names at quizzes sa modified video-assisted discussion</i>	1	1	1.3%	4.17
	2	8	10.1%	
	3	4	5.1%	
	4	29	36.7%	
	5	37	46.8%	

Base sa talahanayan, ang paggamit ng MVAD ay epektibo tuwing ginagamitan o sinasabayan ito ng paggamit ng *mentimeter*, *wheel of names* at *quizzes*. Mapapansin sa talahanayan na may tatlumpu’t pito (37) o 46.8% ng kabuuang respondente ang nagsabing napaka-epektibo ito.

Pangalawa, may dalawampu’t siyam (29) na respondente o 36% ng populasyon naman ang nagsabi na epektibo ito, samantalang apat (4) o 5.1 % lamang ang nagsabing medyo epektibo ang paggamit ng ganitong pamamaraan. Walo (8) o 8.1% naman ng respondente ang nagsabing hindi ito gaanong epektibo, panghuli isa (1) o 1.3% lamang ang nagsabi na hindi ito epektibo.

Sa kabuoan, patunay lamang ang naging resulta ng numerikal na analisis na mabisa ang paggamit ng MVAD sa aktuwal na klase sa *Google Meet* habang may kalakip na *Powerpoint presentation*, tanong-sagot at iba pang katuwang ang direktang pagtalakay ng guro na nakapagpapataas sa lebel ng interes ng mag-aaral sapagkat sila’y nagkaroon ng pagkakataong magsalita, tumugon at makibahagi hindi lamang sa guro kundi sa kapawa mga kaklase. Nagbigay daan ito upang makapagpahayag din ang mag-aaral ng sariling ideya mula sa naunawaan. Naging aktibo ang klase sa halip na maging pasibo.

Kongklusyon

Natuklasan mula sa pananaliksik na itinuturing ng mga mag-aaral ng Baitang 10 na mga problema sa panood ng naunang *Posted Video-Assisted Discussion* (PVAD) ang kabagutan, kawalan ng interes, haba ng bidyo, mahinang koneksiyon ng *internet* at kawalan ng direktang interaksyon sa guro. Matatandaang upang matugunan ang mga suliraning ito, umusbong ang ideya ng MVAD na siyang naging tugon sa mababang interes na ipinamalas ng mga mag-aaral. Nakatulong ang paggamit ng MVAD upang makuha ang atensiyon, mapataas ang lebel ng interes, at magkaroon ng mabisang interaksyon at aktibong partisipasyon ang mga mag-aaral sa kasagsagan ng birtuwal na klase. Nakatulong ang paglalakip ng *Powerpoint Presentation* at tanong-sagot sa bidyo upang makalikha ng magandang ugnayan sa klase samahan pa ng presensiya ng guro na siyang nagsilbing tagapangasiwa ng prosesong pagtuturo-pagkatuto.

Patunay lamang ito na mahalaga at malaki ang ambag na nagagawa ng presensiya ng guro sa pagtuturo katuwang ang inilalapat na makabagong estratehiya at kagamitang panturo tulad ng MVAD para sa pananaliksik na ito. Kahit na birtuwal ang pamamaraan, mahalagang bahagi pa rin ang direktang ugnayang nabubuo sa pagitan ng guro at mag-aaral sa paghahatid ng makabuluhang pagtalakay. Ang MVAD bilang isang pedagogikal na kagamitan ay nakita bilang mabisang instrumento upang matugunan ang pangangailangan ng mag-aaral sa birtuwal na espasyo ng pagkatuto nang hindi isinasawalang-bahala ang kalidad ng kaalamang pangnilalamang ibinahagi.

Sa kabuoan, isang hamon ang pagpapanatili ng interes ng mag-aaral sa birtuwal o *online* na pamamaraan ng pagbabahagi ng pagkatuto. Integral na bahagi ang mabisang estratehiya at kagamitan na angkop sa

mag-aaral at sitwasyon katuwang ang guro bilang gabay at tagapangasiwa. Bukod dito, malaki rin ang maiaambag ng pag-aaral sa pagbibigay ng ideya at gabay sa mga guro upang maging makabuluhan ang paghahatid ng kaalaman. Pinaniniwalaang makatutulong ang pagtatalakay ng guro katuwang ang bidyo upang makuha ang atensiyon ng mag-aaral at magkaroon ng mabisang interaksyon sa klase kaiba sa naging epekto ng PVAD na ginamit nang walang presensiya ng guro.

Rekomendasyon

Iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipagpatuloy o palawakin pa ang pag-aaral na ito tungo sa pagtuklas sa mga epekto ng *Modified Video-Assisted Discussion* (MVAD) sa lahat ng antas ng sekundarya upang makakuha ng iba pang datos at makita kung epektibo rin ba ito kung gagamitin sa iba pang antas maliban sa Baitang 10. Maganda rin kung mailalapat ito sa iba pang paksa sa asignaturang Filipino. Binigyang diin din ng mga mananaliksik na dapat mapaunlad ang MVAD at mapagtibay pa ang nilalaman nito gamit ang iba pang tekno-pedagogikal na kagamitan. Hinihikayat din na magsagawa ng isang seminar worksyap para sa mga guro upang malinang ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagpili at paggawa ng mga estratehiyang pampagtuturo na aangkop sa online na pamamaraan ng pagbabahagi ng kaalaman. Bukod sa nabuong MVAD ay maghanap din ang mga guro ng iba pang epektibong estratehiya na magiging kapaki-pakinabang sa birtuwal na espasyo ng pagtuturo at pagkatuto. Kung maaari, ibagay ito sa sitwasyon at pangangailangan ng mag-aaral na tinuturuan. Higit sa lahat ay magsagawa ng mas malalim pang pag-aaral sa kung paano ilalapat ang MVAD hindi lamang sa Filipino kung hindi pati na rin sa iba pang asignatura. Inirerekomenda na maging isa sa mga basehan ang pag-

aaral na ito sa iba pang mananaliksik na nais gumawa ng ektensibong paggalugad sa paksang ito.

Mga Sanggunian

- ABS-CBN News. (2020). *Mga alternatibong paraan ng pag-aaral na isinusulong ng DepEd*. news.abs-cbn.com
- Bryman, A., & Bell, E. (2007). *Business research methods* (2nd edition). Oxford University Press.
- Crews, J.U. (2022). Helping poor reader: A case study of computer-assisted instruction reading tutorial. University of Arizona. 618.
- David, L. (2015). E-learning theory. *Learning Theories*. <https://www.learning-theories.com/e-learning-theory-mayer-sweller-moreno.html>.
- De Valle, R., & Duffy, T. (2009). Online learning: Learner characteristics and their approaches to managing learning. *ISAIJLS*, 37 (2). www.learntechlib.org
- Gannaban, M. F. E. (03 Hunyo 2021). Mga teorya sa gramatika at wika, salalayan sa pagtuturo ng Filipino. *DALUMAT E-Journal*, 6 (2). Web. Tesis. <https://ejournals.ph/article.php?id=16040>
- Gloria, A. R. (Hunyo, 2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya. Tesis.
- Greenberg, A., Barnett, T. L., & Nicholls, J. A. F. (2007). Teaching experiential learning: Adoption of an innovative course in an MBA marketing curriculum. *Journal of Marketing Education*, 29 (1), 25-33.
- Gurney, J. (2020). Teaching art, pre- and post-pandemic. Gurneyjourney.blogspot.com.
- Hsin, H.K., & Cigas, T. (2013). *Effective educational videos: Principles and guidelines for maximizing student learning from video content*. <https://www.semanticscholar.org/paper/Short-videos-improve-student-learning-in-online-Hsin-Cigas/f138a3b9bf4d-b813939848e6239e3fc9c7e4eba>
- Islam, M., Kim, D., & Kwon, M. (2020). A comparison of two forms of instructions: Pre-recorded video lectures vs. live Zoom lectures for education in the business management field, Depart of E-Trade, Keimyung University, Dalseu-gu, Korea.
- Lari, H. (2014). *The impact of using powerpoint presentations on students' learning and motivation in secondary schools*. <https://doi/10.1016/j.sbspro.2014.03.592>
- Mandado, J.O. (2020). Ang penomenong awiting Visayan Popular o (VisPop) sa kabataang sebwan at ilang usaping wika at kultura. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*. 4 (11), 188-195. <https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2020/11/W20411188195.pdf>
- Mendoza, S., Caranto, E., & David, G. (2015). *Effectiveness of video presentation to students' learning*.
- Ozaslan, M., & Maden, J. (2013). The use of power presentations at in the Department of Foreign language at Middle East Technical University. *Middle Eastern & African Journal of Educational Research*. Issue 2.
- Rienking, D. (2015). Technology integration during student teaching: a case study. *College Student Journal*, 43, 347-351.
- Ruiji, O. (2012). The development on multimedia teaching resources based on

information processing theory. *International Journal of Advancements in Computing Technology*, 4(2). DOI:10.4156/ijact.vol4.issue2.8

Sandholtz, J.H., Ringstaff, C., & Dwyer, C.D. (2013). *Teaching with technology. impact assessment of information and communication technologies on lesson delivery and students' performance in selected tertiary institutions in Ghana*. New York: Teachers College Press.

Steffes, E.M., & Duverger, P. (2012). Edutainment with videos and its positive effect on long term memory. *Journal for Advancement of Marketing Education*. 20 (1), Spring 2012.

Wartinbee, E. (2009). The value of technology in the EFL and ESL classrooms: Using the smartpen to enhance the productivity and effectiveness. *Technology in EFL and EFL Classroom*. Pearbody College, Vanderbilt University.

Wilmot, O., Bramhall, E.L., & Radley, J. (2013). Engineering and design educators network (EDEN) seminar series (online). Retrieved from <https://cede.iboro.ac.uk/eden.html>

Ying, X., & Penny, T. (2020). *Effects of video discussion posts on social presence and course satisfaction*. University of Illinois and Oklahoma State University. DOI:10.34190/JEL.18.5.007